W2	Asignatura	Filipino	Baitang	8
	Markahan	4	Petsa	

I. PAMAGAT NG ARALIN	Florante at Laura Makapangyarihan ang Pag-ibig
II. MGA PINAKAMAHALAGANG KASANAYANG PAMPAGKATUTO (MELCs)	• Nailalahad ang damdamin o saloobin ng may- akda gamit ang wika ng kabataan.
III. PANGUNAHING NILALAMAN	Florante at Laura (Saknong 69-82)

IV. YUGTO NG PAGKATUTO AT MGA GAWAING PAMPAGKATUTO

I. Panimula (Mungkahing Oras: 5 minuto)

Panimulang Gawain

Panuto: Basahin at unawain ang pahayag.

"Ang pag-ibig ay nagbibigay-kahulugan sa buhay ng tao, ng aliw sa hirap at sa ginhawa gayundin ang pagsasakripisyo at pakikipaglaban kung kailangang ipagtanggol ang kaniyang iniibig."

Bilang isang kabataan. Paano mo naipadarama ang pag-ibig sa iyong kapwa?

_____
_____
_____

D. Pagpapaunlad (Mungkahing Oras: 10 minuto)

Paunlarin natin ang iyong kaalaman. Narito ang mga piling saknong na nagmula sa Florante at Laura.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Basahin at unawaing mabuti ang mga sumusunod na saknong na nakapaloob sa awiting Florante at Laura ni Francisco "Balagtas" Baltazar. Sa pamamagitan ng mga ito ay masusing buuin sa isip ang ibig ipahatid ng may-akda sa mambabasa.

Nagkataong siyang pagdating sa gubat
ng isang gererong bayani ang tikas,
putong na turbante ay kalingas-lingas,
pananamit Moro sa Pers'yang siyudad

Pinigil ang lakad at nagtanaw-tanaw,
anaki'y ninita ng pagpapahingaan
di kaginsa-ginsa'y ipinagtapunan
ang pika't adarga't nagdaop ng kamay

Saka tumingala'y mata't itinirik
sa bubong ng kahoy na takip sa langit,
estatwa manding nakatayo'y umid,
ang buntong-hininga niya'y walang patid

Nang magdamdam-ngawit sa pagayong anyo
sa puno ng isang kahoy ay umupo,
nagwikang "O palad" sabay ang pagtulo
sa mata ng luhang anaki'y palaso

Ulo'y ipinatong sa kaliwang kamay
at saka tinutop ang noo ng kanan,
anaki'y mayroong ginugunamgunam
isang mahalagang nalimutang bagay,

Malaoy humilig, nagwalang-bahala
di rin kumakati ang batis ng luha
sa madling himutok ay kasalamuha,
ang wikang "Fleroda'y tapos na ang tuwa!

IV. YUGTO NG PAGKATUTO AT MGA GAWAING PAMPAGKATUTO

Sa balang sandal ay sinasabugan
Yaong buong gubat ng maraming ay! ay!
na nakikitono sa himig mapanglaw
ng panggabing ibon doo'y nagtanan

Mapamaya-maya'y nangbangon nagulat
Tinangnan ang pika't sampu ang kalasag
Nalimbag sa mukha ang bangis ng Furias
"Di ko itutulot," ang ipinapahayag

"At kung kay Flerida'y iiba ang umagaw
at di ang ama kobg dapat na igalang
hindi ko masasabi kung ang pikang tanga'y
bubugo ng libo't laksang kamatayan

"Bababa si Marte mula sa itaas
at sa kalalima'y aahon aahon ang Parkas
Buong galit nila ay ibubulalas
Yayakagin niring kamay kong marahas

"O pagsintang labis ang kapangyarihan,
Sampung mag-aama'y iyong nasasaklaw!
'Pag ikaw ang nasok sa puso ninuman,
Hahamakin ang lahat masunod ka lamang."

"At yuyurakan na ang laong dakila",
Bait, katuwira'y ipanganganyaya,
buong katungkula'y wawalaing bahala,
sampu ng hininga'y ipauubaya

Bumuo ng mahahalagang kaisipan o damdamin na nakuha sa binasang tula.

_____
_____

E. Pakikipagpalihan (Mungkahing Oras: 35 minuto)

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Sagutin ang mga tanong sa buong pangungusap.

1. Anong damdamin ng mga tauhan ang makikita sa mga saknong na binasa?
   _____
   _____
2. Mabisa ba ang paraan ng pagkakasulat ng tula? Patunayan ito.
   _____
   _____
3. Batay sa tono ng pananalita ni Aladin, anong klaseng anak siya?
   _____
   _____
4. Bilang isang kabataan, nangyayari ba sa kasalukuyan ang mga nagyari sa mga tauhan?
   _____
   _____
5. Paano ipinakita sa tula na maaring hamakin ang lahat ng isang tao ang sunumang hahadlang sa kaniyang pag-ibig? Saan saknong ito mababasa? May katotohanan ba ito? Patunayan.
   _____
   _____

IV. YUGTO NG PAGKATUTO AT MGA GAWAING PAMPAGKATUTO

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Mula sa mga saknong na nabasa sa itaas. Ano ang mahihinuha mong damdamin na nakapaloob sa mga ito at ano ang damdamin mo rito bilang isang kabataan. Itala sa kahon ang iyong kasagutan.

Damdamin/ saloobin ng may-akda	Damdamin/ saloobin mo bilang kabataan
1. 2. 3. 4. 5. 6.	1. 2. 3. 4. 5. 6.

A. Paglalapat (Mungkahing Oras: 35 minuto)

Ang pag-ibig ay mahiwaga sapagkat marami itong nagagawang pagbabago sa buhay ng isang tao. Marami rin itong uri tulad ng pag-ibig sa Diyos, sa magulang, sa bayan sa hayop, sa kapwa, sa kalikasan at iba pa.

Panuto: Isulat sa palibot ang sarili mong konsepto ng pag-ibig sa mga salitang nakasulat dito.



Panuto: Kung muli mong isusulat ang mga saknong sa sarili mong saloobin/ damdamin gamit ang wika ng isang kabataan, paano mo ito bubuuin sa sarili mong saknong(tula). Pumili ng dalawang iyong naibigan sa tula.Gawin ito sa espasyong nakalaan sa ibaba

1. _____
_____
_____

2. _____
_____
_____

IV. YUGTO NG PAGKATUTO AT MGA GAWAING PAMPAGKATUTO

V. PAGTATAYA (Mungkahing Oras: 30 minuto)

(Ang mga Gawain sa Pagkatuto para sa Pagpapayaman, Pagpapahusay, o Pagtataya ay ibibigay sa ikatlo at ikaanim na linggo)

Bilang isang kabataang may malayang makapagpahayag ng saloobin o damdamin, paano mo ito magagamit upang makapaglahad ng sarili mong opinyon sa mga isyu ngayon sa ating lipunan?

_____

_____

_____

AWPUT Bilang 2:

Panuto: Bumuo ng isang islogan na nagpapakita nang pag-ibig sa Diyos,sa magulang, sa bayan sa hayop, sa kapwa, sa kalikasan at iba pa.

Pamantayan:

Nilalaman	30
Kaangkupan sa paksa	30
Kaayusan -	20
Pagkamalikhain	20
Kabuoan	100

VI. PAGNINILAY (Mungkahing Oras: 5 minuto)

- Ipabatid ang iyong personal na pagtatasa sa kard ayon sa lebel ng iyong performans.

Personal na Pagtatasa sa Lebel ng Performans Para sa Mag-aaral

Pumili ng isa sa mga simbolo sa ibaba na kakatawan sa iyong naging karanasan sa pagsasagawa ng mga gawain. Ilagay ito sa Hanay ng LP o Lebel ng Performans. Basahin ang deskripsiyon bilang gabay sa iyong pagpili:

☆ - Nagawa ko nang mahusay. Hindi ako nahirapan sa pagsasagawa nito. Higit na nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.

✓ - Nagawa ko nang maayos. Nahirapan ako nang bahagya sa pagsasagawanito. Nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.

ʔ – Hindi ko nagawa o nahirapan ako nang labis a pagsasagawa nito. Hindi ko nauunawaan ang hinihingi sa gawain. Kailangan ko pa ng paglilinaw o dagdag kaalaman upang magawa ko ito nang maayos o mahusay.

Gawain Sa Pagkatuto	LP	Gawain Sa Pagkatuto	LP	Gawain Sa Pagkatuto	LP	Gawain Sa Pagkatuto	LP
Bilang 1		Bilang 3		Bilang 5		Bilang 7	
Bilang 2		Bilang 4		Bilang 6		Bilang 8	

VII. SANGGUNIAN	Florante at Laura (Saknong 69-82)

Inihanda ni:	Juvielyn N. Manuel	**Sinuri nina:**	Ruben S. Montoya Beverly T. Andal Anna Paulina B. Palomo Jasmin S. Ravano